

Ika-26 ng Mayo, 2021

Minamahal na Mga Mag-aaral, Kawani, at Pamilya,

Ang layunin para sa komunikasyon na ito ay upang magbigay ng patnubay sa paggamit ng mask para sa Block 1 ng ASD summer learning program (Hunyo 2 - Hunyo 30). Mangyaring malaman ninyo na inaasahan namin ang patuloy na edukasyon para sa ating mga mag-aaral ngayong tag-araw sa isang ligtas na paraan na tumutugon sa lokal na kondisyon.

Maraming mga kadahilanan ang nakakaimpluwensya sa patnubay na ito. Una, kinikilala ng Distrito ang kamakailang aksyon ng Alkalde na iangat ang mga paghihigpit sa ilalim ng mga ordenasyong pang-emerhensiya, at ang mga bilang ng mga kaso ay bumaba nang husto sa pamamagitan ng matagumpay na pagpapakilala ng ilang mga bakuna at ang nagpapatuloy na kampanya upang mabakunahan ang mga miyembro ng komunidad na may edad na 12 pataas.

Mahalaga rin na ang kapaligiran sa paaralan ng tag-araw ay malinaw na naiiba sa mga populasyon ng mag-aaral sa pangkalahatan ay mas maliit, na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na kumalat, at ang mas maiinit na temperatura ay nagbibigay-daan sa mga guro na dagdagan ang panlabas na pagtuturo at mga gawain.

Sa pag-iisip ng mga kadahilangang ito, ang sumusunod na patnubay sa paggamit ng mask ay nalalapat sa Block 1. Susuriin ng Pangangasiwa ng Distrito at potensyal na aayusin ang patnubay na ito para sa Block 2 (Hulyo 12 - Agosto 6) kung kinakailangan.

1. Ang pagsusuot ng mask para sa lahat ng mga mag-aaral ay opsyonal (ipinalam ang kagustuhan ng magulang).
2. Ang pagsusuot ng mask para sa mga kawani ay opsyonal; masidhing pinayuhan ng Distrito ang mga kawani na hindi nabakunahan na magsuot ng mask (sariling pagpasya).
3. Ang pagsusuot ng mask para sa mga magulang, mga boluntaryo, at mga bisita ay opsyonal; ang mga indibidwal na hindi nabakunahan ay masidhing pinapayuhan na magsuot ng mask.
4. Hinihikayat na abot hanggang 3' ang distansya habang nasa loob ng mga gusali ng paaralan.

Ang Distrito ay nakatuon sa misyon nitong turuan ang mga mag-aaral para sa tagumpay sa buhay. Habang patuloy kaming nagtatrabaho sa pandemikong ito nang magkakasama, ang aming pangako sa mga kawani at pamilya ay ibalik ang edukasyon sa *normal* sa isang paraan na pinapalakas ang paglago at pag-unlad ng mag-aaral, tumutugon sa patuloy na pagbabago ng mga kondisyon, at mananatiling responsable sa kabutihan ng ating mga mag-aaral at kawani.

Habang tayo'y papalapit sa katapusan ng linggo ng Memorial Day, nais kong magpasalamat at magbigay ng karangalan sa aming mga kawaning militar at pamilya at ang sakripisyong ibinigay ng marami sa ating bansa. Ako'y ay nagpapasalamat magpakailanman para sa inyong serbisyo.

Salamat sa palagi ninyong pagsasaalang-alang at patuloy na suporta.

Deena M. Bishop, Ed.D.  
Superintendente

(English translation, linked [here](#).)